BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAUNAWA PARA SA WORKSHOP

Oktubre 2, 2018

PARA SA: INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OSPISYAL / APCO

PAKSA: **MGA PAMPUBLIKONG WORKSHOP – DRAFT NA REGULASYON 13, TUNTUNIN 1: PAGLALABAS NG MARAMING METHANE; MGA UPDATE SA PAGBUO NG DRAFT NA REGULASYON 13: MGA NAGPAPARUMI SA KLIMA; DRAFT NA REGULASYON 13, TUNTUNIN 2: PAMAMAHALA NG ORGANIKONG MATERYAL; DRAFT NA REGULASYON 13, TUNTUNIN 3: MGA PAGPAPATAKBO NG PAGGAWA NG ABONO; DRAFT NA REGULASYON 13, TUNTUNIN 4, MGA PAGPAPATAKBO NG WASTE WATER TREATMENT; AT DRAFT NA REGULASYON 8, TUNTUNIN 34, MGA LUGAR PARA MAGTAPON NG MATITIGAS NA KALAT.**

Ang mga kawani ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, Air District o BAAQMD) ay nagsimulang bumuo ng grupo ng mga tuntunin na nilalayong bawasan ang mga emisyon ng methane, isang pangunahing nagpaparumi sa klima, at bawasan ang mga emisyon ng mga bagay na madaling matuyo (Volatile Organic Compounds, mga VOC) at mga compound na may amoy mula sa mga pagpapatakbo ng pamamahala ng organikong materyal, tulad ng mga landfill at mga pagpapatakbo sa paggawa ng abono. Para ipakilala ang mga pagsusumikap ng pagbuo ng mga tuntuning ito, magsasagawa ang Air District ng apat na mga pampublikong workshop para ipakita, pag-usapan at tumanggap ng mga komento sa bago at draft na Regulasyon 13, Tuntunin 1: Paglalabas ng Maraming Methane (Tuntunin 13-1). Bilang karagdagan, magsisimula ang mga kawani sa maagang pagtuon sa pagbuo ng iba't ibang tuntunin na tumutugon sa mga emisyon sa hangin mula sa mga pagpapatakbo sa mga sektor ng pagkuha ng organiko at matitigas na kalat. Ang mga detalye ng mga paparating na workshop ay ipinapakita sa ibaba:

Huwebes, Nobyembre 1, 2018 **2:00 p.m. – 4:00 p.m.**	**Bay Area Metro Center** 375 Beale Street San Francisco, CA 94105
Lunes, Nobyembre 5, 2018 **6:00 p.m. – 8:00 p.m.**	**Martinez City Council Chambers** 525 Henrietta Street Martinez, CA 94553

Miyerkules, Nobyembre 7, 2018 **6:00 p.m. – 8:00 p.m.**	**Shannon Community Center** 11600 Shannon Avenue Dublin, CA 94568
Huwebes, Nobyembre 8, 2018 **6:00 p.m. – 8:00 p.m.**	**Berryessa Branch Public Library** 3355 Noble Avenue San Jose, CA 95132

BACKGROUND

Noong Setyembre 2016, pinirmahan ni Gobernador Brown ang Panukalang-batas ng Senado 32, na nag-uutos ng pagbawas sa target na mga emisyon ng Greenhouse (GHG) na 40 porsiyentong mababa sa mga antas ng emisyon noong 1990 bago ang 2030. Hinihiling ng Panukalang-batas 605 ng Senado na bumuo ang Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California (California Air Resources Board, ARB) ng isang plano para bawasan ang mga emisyon ng mga pansamantalang nagpaparumi ng klima (Short-lived Climate Pollutants, mga SLCP), at hinihiling ng Panukalang-batas 1383 sa ARB na aprubahan at ipatupad ang isang plano bago ang Enero 2018 para makamit ang mga pagbawas na ito. Itinatakda rin ng SB 1383 ang target para sa pagbawas ng mga emisyon ng methane ng 40 porsiyentong mababa sa mga antas noong 2013 bago ang 2030. Alinsunod sa SB 605 at SB 1383, kasunod nito bumuo ang ARB ng Estratehiya sa Pagbawas ng SLCP, na pinagtibay noong Marso 2017. Bilang bahagi ng estratehiyang ito, ang Kagawaran ng Pagre-recycle at Pagkuha ng Mga Mapagkukunan sa California (California Departament of Resources Recycling and Recover, CalRecycle) na kumonsulta sa ARB ay bumubuo ng mga regulasyon para bawasan ang antas ng pagtatapon ng organikong kalat sa buong estado ng 50 porsiyento ng mga antas noong 2014 bago ang 2020 at 75 porsiyento ng mga antas noong 2014 bago ang 2025. Susubukan ng CalRecycle ang pagpapatibay ng mga regulasyong ito bago matapos ang 2018 para magkaroon ito ng bisa sa o pagkatapos ng Enero 1, 2022.

Ang pamamahala ng mga pagsusumikap sa pagkontrol ng polusyon para sa mga pansamantalang nagpaparumi ng klima (mga SLCP), tulad ng methane, ay isang estratehiya na may malaking epekto para labanan ang pagbabago ng klima. Binigyang-diin ng pinakabagong siyentipikong pananaliksik ang pangangailangan para bawasan ang mga emisyon ng mga SLCP upang maiwasan ang malalang mga epekto sa klima (IPCC, 2014). Ang methane ay isang posibleng pansamantalang GHG. Ang potensyal nito sa pag-init ng mundo ay 86 beses na mas malakas kaysa sa carbon dioxide (CO_2), kung ikukumpara sa 20-taong perspektibo. Dagdag pa rito, ang methane ay mayroong mas maikling half-life sa atmospera (karaniwang itinatagal) na 12 taon (laban sa 20 – 200 taon para sa CO_2) (IPCC, 2014). Dahil sa mga salik na ito, ang mga pagkilos para bawasan ang mga emisyon ng methane ay maaaring magbigay ng malaki at agarang mga benepisyo sa klima. Kapag isinama sa mga hindi nagbabagong pagbabawas sa mga emisyon ng CO_2, maaaring posibleng makamit ang pangmatagalang katatagan ng klima. Higit pa rito, ang paglilimita sa mga emisyon ng methane ay babawasan ang mga emisyon ng nauugnay na mga kasamang nagpaparumi, na maaaring kabilangan ng mga pangunahing nagpaparumi na may kaugnayan sa klima, criteria at lason, na nagreresulta sa nagdagdagang mga benepisyo sa klima at mga pagpapabuti sa kalusugan ng publiko. Kung isasaalang-alang ang kahalagahan at mga posibleng kasamang benepisyo ng

pagkontrol ng methane, ang Air District ay nagsama ng isang kumprehensibong Estratehiya ng Methane sa buong Basin (Panukalang-batas SS16) bilang bahagi ng 2017 na Plano sa Malinis na Hangin.

Pinagtibay ng Air District ang layunin ng pagbawas ng mga emisyon ng GHG sa Bay Area sa 40 porsiyentong mababa sa mga antas noong 1990 bago ang 2030, at 80 porsiyento mababa sa mga antas noong 1990 bago ang 2050. Kumakatawan ang methane sa pangalawang pinakamalaking emisyon ng GHG sa rehiyon. Noong 2015, ang mga pinagmumulan na matatagpuan sa Air District ay naglabas ng tinatayang 10 milyong metrikong tonelada ng katumbas na CO_2 (MMT CO_2e), halos 10 porsiyento ng imbentoryo ng GHG ng Bay Area. Ang draft ng tuntuning 13-1 ay magiging ang unang tuntunin ng Air District na magtutuon ng pansin sa pagprotekta ng klima sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga emisyon ng methane.

Draft na Regulasyon 13: Ang mga Nagpaparumi sa Klima (Regulasyon 13) ay magsisilbi bilang pangkalahatang tuntunin para tugunan ang lahat ng mga emisyon ng nagpaparumi sa klima sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pangkalahatang depinisyon at mga kinakailangan para sa pagkontrol ng mga emisyon ng mga GHG at mga may kaugnayang nagpaparumi. Ang mga kawani ay nasa napakaagang mga yugto ng pagsisiyasat ng mga emisyon ng mga nagpaparumi sa klima na may mataas na mga halaga ng Potensyal para sa Pag-init ng Mundo (Global Warming Potential, GWP) para sa layunin ng pagsusuri ng mga pamantayan sa pagbawas ng emisyon. Sa mga workshop, magbibigay ang mga kawani ng maikling kabuuang-ideya ng draft ng bagong Regulasyon 13 at ang katayuan ng proseso ng paggawa ng tuntunin nito.

Draft na Tuntunin 13-2: Ang Pamamahala ng Organikong Materyal (Tuntunin 13-2) at draft na Tuntunin 13-3: Mga Pagpapatakbo ng Paggawa ng Abono (Tuntunin 13-3) ay nilalayong bawasan at kontrolin ang mga emisyon ng mga bagay na madaling matuyo, methane at mga bagay na nagdudulot ng amoy mula sa mga pasilidad na humahawak at nagpoproseso ng organikong materyal. Inaasahan ng Air District ang pagdami ng mga pasilidad na humahawak ng organikong materyal sa Bay Area dahil sa kamakailang batas na nagtatakda ng mga utos para sa dibersyon ng mga organikong materyal mula sa mga landfill. Sa workshop, magbibigay ang mga kawani ng isang kabuuang-ideya ng draft na Tuntunin 13-2 at 13-3 at ang katayuan ng kanilang proseso sa paggawa ng tuntunin.

Ang dibersyon ng mga organiko sa buong estado at sa pinagtibay na mga layunin ng Air District para mabawasan ang emisyon ng GHG ay malamang na makaapekto sa pagkontrol ng mga emisyon sa hangin mula sa mga pagpapatakbo sa buong stream ng proseso ng pagkuha ng organiko. Bilang bahagi ng 2017 na Plano sa Malinis na Hangin ng Air District, iminumungkahi ng panukalang-batas WA1 sa pagkontrol ng pamamahala ng kalat na baguhin ang Regulasyon 8, Tuntunin 34: Mga Lugar para Itapon ang Matitigas na Kalat (Tuntunin 8-34) para dagdagan ang kahigpitan ng mga limitasyon sa emisyon nito, kabilang ang mga pamantayan sa nakakalabas na pagtagas, at pagbutihin ang pagsunod sa mga pederal na regulasyon. Sinisimulan ng panukalang-batas WR1 sa pagkontrol ng tubig ang isang proseso para mas mabuting maunawaan at malaman ang dami ng mga emisyon ng GHG mula sa mga pagpapatakbo ng waste water treatment at sisiyasatin ang paggawa ng tuntunin para bawasan ang mga emisyon na ito. Sa workshop. ilalarawan ng mga kawani ang mga layunin ng mga pagbuo ng tuntunin sa

hinarahap sa mga iminumungkahing pagbabago sa Tuntunin 8-34, kasama ang mga para sa draft na Regulasyon 13, Tuntunin 4: Mga Pagpapatakbo ng Waste Water Treatment.

DRAFT NG MGA IMINUMUNGKAHI

Ang pagpapatibay ng Regulasyon 13, Tuntunin 1: Ang maraming Emisyon ng Methane ay magiging unang hakbang sa pagpapatupad ng Estratehiya para sa Methane sa buong Basin. Ang layunin ng tuntunin 13-1 ay bawasan ang mga emisyon mula sa maramihang paglalabas ng methane sa pamamagitan ng paghiling sa mga posibleng pinagmumulan nito na ayusin nang mabilis at nang agaran ang maraming paglalabas. Gagamitin ang Tuntunin 13-1 sa lahat ng pasilidad sa Bay Area.

Pagbibigay-diin ng Tuntunin 13-1:

- Gagamitin sa lahat ng pinagmumulan sa Bay Area, kabilang ang pangunahin at mga pinagmumulan sa lugar ng mga paglalabas ng methane;
- Hinihiling na ang paglalabas ng methane na mahigit sa 10,000 ppm mula sa lahat ng pinagmumulan ay mabawasan ng mas mababa sa 500 ppm sa loob ng 14 na araw, maliban na lang kung maipapakita ng may-ari o operator ang pinakakaunting maramihang emisyon (mababa sa 10 libra bawat araw); at,
- Nagtatakda ng mga kinakailangan sa pagsubaybay at pagtatala na dapat panatilihin para sa limang taon.

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Ang mga pampublikong workshop ay mahalagang hakbang sa proseso ng pakikilahok ng publiko sa Air District. Bilang karagdagan sa draft na Tuntunin 13-1, ang kawani ng Air District ay maglalabas ng ulat ng workshop para magbigay ng kaalaman at karagdagang impormasyon sa draft na tuntunin. Magbibigay din ang mga kawani ng mga papel na konsepto para sa draft na Regulasyon 13, at isa para sa draft na Tuntunin 13-2 at 13-3. Ang mga kawani ng Air District ay interesado sa mga komento at tanong tungkol sa salita sa draft na tuntunin, na nauugnay sa ulat ng workshop, at mga papel para sa konsepto ng tuntunin. Maaari rin makipagkita ang mga kawani sa mga interesadong partido tungkol sa draft ng iminumungkahi at mga konsepto ng regulasyon.

Kasunod ng mga workshop at pagsasara ng panahon para sa pagkokomento ng publiko para sa draft na Tuntunin 13-1, tatasahin ng Air District ang pangangailangan para sa pagbabago ng draft na tuntunin; maaaring subukan ng mga kawani ang karagdagang workshop o maaaring tumuloy sa isang pampublikong pagdinig sa harap ng Lupon ng mga Direktor ng Air District.

Naka-post ang Ulat ng Workshop at draft na Tuntunin 13-1 sa website ng Air District sa www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/rules-under-development/regulation-13-rule-1. Inaanyayahang magsumite ng mga komento ang mga interesadong partido sa draft na Tuntunin o sa Ulat ng Workshop. Para sa mga tanong o komento sa pagbuo ng tuntunin, mangyaring makipag-ugnayan kay Will Saltz sa

(415) 749-4698 o wsaltz@baaqmd.gov. Ang huling araw para sa mga komento sa draft na tuntunin ay Martes, Nobyembre 13, 2018.

Ang papel na konsepto para sa draft na Regulasyon 13 ay naka-post sa website ng Air District sa www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/rules-under-development/regulation-13. Para sa mga tanong o mga komento sa pagbuo ng tuntunin, mangyaring makipag-ugnayan kay Jacob Finkle sa (415) 749-8435 o jfinkle@baaqmd.gov.

Ang papel na konsepto para sa draft na tuntunin 13-2 at 13-3 ay naka-post sa website ng Air District sawww.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/rules-under-development/regulation-13-rule-2 at www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/rules-under-development/regulation-13-rule-3. Para sa mga tanong o komento sa pagbuo ng tuntunin, mangyaring makipag-ugnayan kay Robert Cave sa (415) 749-5048 o rcave@baaqmd.gov.

Para sa mga tanong o komento sa inaasahang pagbuo ng tuntunin ng draft na Tuntunin 13-4 at mga pagbabago sa draft sa Tuntunin 8-34, mangyaring makipag-ugnayan kay Victor Douglas sa (415) 749-4752 o vdouglas@baaqmd.gov.

Mga Mapa ng Mga Lokasyon ng Workshop at Mga Opsyon para sa Pampublikong Sasakyan

Hinihikayat ang mga dadalo na gumamit ng pampublikong sasakyan, may kasamang pagsakay, bisikleta, paglalakad o gumamit ng iba pang hindi de-motor na paraan ng transportasyon papunta at mula sa mga workshop.

Bay Area Metro Center
375 Beale Street
San Francisco, CA 94105



Martinez City Council Chambers
525 Henrietta Street
Martinez, CA 94553



Shannon Community Center
11600 Shannon Avenue
Dublin, CA 94568

Berryessa Branch Public Library
3355 Noble Avenue
San Jose, CA 95132